

Sa okasyon ng ika-131 na anibersaryo ng kapanganakan ng dakilang Tagapangulong Mao Tse-tung at ang ika-2 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Pandaigdigang Komunistang Liga (PKL), ipinapadala namin ang aming nag-aalab na makauring pagbati sa pandaigdigang proletaryado at sa mga mamamayan at bansa ng mundo.

## **Deklarasyon sa ika-131 na Anibersaryo ng Kapanganakan ni Tagapangulong Mao Tse-tung at sa Ika-2 na Anibersaryo ng Pandaigdigang Komunistang Liga**

### **Itindig ang Dakilang Pulang Watawat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang Gabi ng Dakilang Alon ng Pakikibaka ng Masa!**

Sa okasyon ng ika-131 na anibersaryo ng kapanganakan ng dakilang Tagapangulong Mao Tse-tung at ang ika-2 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Pandaigdigang Komunistang Liga (PKL), ipinapadala namin ang aming nag-aalab na makauring pagbati sa pandaigdigang proletaryado at sa mga mamamayan at bansa ng mundo. Ang mga manggagawa at mamamayan ng mundo ay lumalaban at tumututol sa pandarabong at mga digmaang pananalakay ng imperyalismo at sa madugong pagtatangka nitong muling hatiin ang mundo. Ginagawang sulo ng rebolusyon ng mga mamamayang Palestino ang kanilang mahalagang dugo sa makabayang digmaang paglaya laban sa mga mananakop na imperyalista at Zionista, na pinatutunayan bilang isang "tilamsik na kayang magsimula ng apoy sa damuhan", sa pagbibigay nito ng sigla sa pandaigdigang kilusang anti-imperyalista. Ipinapahayag namin ang aming matibay na dedikasyon sa pakikibaka para sa pagkakaisa ng Pandaigdigang Kilusang Komunista, bilang paglilingkod sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong pakikibaka, na walang pag-aalinlangang nilalabanan ang rebisyunismo bilang pundasyon ng pagkakaisa, lalo na sa mga Marxista-Leninista-Maoistang Partido na namumuno sa pakikibaka para sa Bagong Kapangyarihan sa Digmaang Bayan at nagiging huwaran ng lahat ng proletaryo at komunista sa buong mundo.

Ang mga kaganapang pampulitika sa mundo mula nang itatag ang Pandaigdigang Komunistang Liga ay hindi lamang nagbigay-diin sa pangangailangan ng internasyonal na pagkakaisa, kundi pinatunayan din ang pagiging totoo ng mga karaniwang taktikal at estratehikong pagsusuri at pundasyong pampulitika, na sa maraming pagkakataon ay nagpakita ng kanilang makulay na pangitain.

“Simula ng dekadang ito, lalong tumitindi ang krisis ng imperyalismo at burukratikong kapitalismo sa buong mundo. Kapag lalong lumalim ang pagkabulok nito, lahat ng kontradiksiyon ay tumitindi; nagbubunga ito ng mas rebolusyonaryong kalagayan sa hindi

pantay na pag-unlad sa buong mundo. Ang kalagayan ay ipinapakita sa dakilang aktibidad ng masa, na ang pagiging mapusok nito ay nagpapayanig sa lahat ng reaksyonaryo at kanilang mga rebisyunistang tagapaglingkod. Ipinapakita ito kahit saan sa mga dakilang pagsabog. Ang obhetibong kalagayan ay mabilis na tumutugma sa subhetibong pwersa – partikular sa proseso ng mga Partido Komunista, bilang mga Marxista-Leninista-Maoistang Partido ng bagong tipo na magpapasimula ng mga bagong Digmaang Bayan. Kaya't nagbubukas ng bagong yugto, isang panahon ng mga rebolusyon bilang bahagi ng Bagong Dakilang Alon ng Pandaigdigang Proletaryong Rebolusyon.” (Deklarasyon ng mga Prinsipyo, Disyembre 2022).

Ang ating estratehiya at taktika, gayundin ang pagharap sa lahat ng mga problema sa pandaigdigang kalagayan, ay dapat nakabatay sa pagkaunawa sa pandaigdigang kalagayang ito. Sa madaling salita, kailangang suriin kung paano nagkakasagupa ang mga uri mula sa itaas at mula sa ibaba, ang dalawang naglalamanang polo na tumutukoy sa umiiral na rebolusyonaryong kalagayan, upang mas higit pang patunayan ang katotohanan ng obhetibong kundisyon para sa rebolusyon, ang pag-unlad ng mga bahagi nito, at ang mga perspektiba nito. Ang pag-unlad ng mga pakikibakang pambansang paglaya sa buong mundo, na kasalukuyang ipinapahayag sa nakapokus na anyo sa dakilang sentro ng unos sa tinatawag na Gitnang Silangan, ay nagpapakita na ang lumalalim na pangkalahatang krisis ng imperyalismo ay lumilikha rin ng mas maraming rebolusyonaryong kalagayan sa di-pantay na pag-unlad sa iba't ibang bansa.

Ang makabayang digmaang paglaya sa Palestina, na itinatampok ang Baha ng Al-Aqsa noong ika-7 ng Oktubre, ay nagbigay ng mahalagang sigla para sa pag-usbong ng mga pakikibaka sa buong rehiyon (tulad ng sa Lebanon), ngunit nagbigay rin ng makabuluhang puwersa para sa pandaigdigang pag-unlad ng kilusang anti-imperyalista. Ang tagumpay na ito ay isang mahalagang punto ng pagputol sa kalagayan ng mundo. Simula noon, ang pandaigdigang kalagayan ay nagbabago nang may di-pangkaraniwang bilis. Ang lumalaking pag-iisa ng maka-genosidyo at Zionistang rehimen sa Israel ay nagpapabagal at bahagyang sumisira sa mga plano ng imperyalismong US, at higit pang nagpapalakas ng oposisyon mula sa masa sa mga estadong Arabo, sa mga burukratikong kapitalistang rehimen na naglilingkod sa imperyalismo, at gayundin sa mga imperyalista sa buong mundo, na higit pang nailalagay sa ilalim ng presyon. Ang pagpapalit ng rehimen sa Syria, na pinangunahan, pinatubayan, at sinuportahan ng mga imperyalista at kanilang mga lokal na tuta, na may layuning hatiin ang bansa, ay dapat na mariing labanan bilang karagdagang pag-atake laban sa mga mamamayan ng Syria at sa soberanya ng bansa. Kasabay nito, ito ay isang babala para sa mga mamamayang kasalukuyang nakikibaka para sa paglaya, na ang landas ng pambansang kalayaan at soberanya ay magtatagumpay lamang kung ito ay aasa sa sariling lakas at magtataglay ng anti-imperyalistang katangian ng pakikibaka bilang bahagi ng bagong demokratikong rebolusyon upang tapusin ang paghahari ng imperyalismo, burukratikong kapitalismo, at semi-pyudalismo. Ang pamumuno ng proletaryado ay napatutunayang mahalaga sa pambansang pakikibakang paglaya, at nais naming bigyang-diin ang kagyat na pangangailangan ng nagkakaisang prenteng pinamumunuan ng mga komunista.

Sa liwanag ng bagong pandaigdigang kalagayan, ang lumalaking pagkahinog ng mga paborableng kalagayan at mga rebolusyonaryong kalagayan, ang pandaigdigang kahalagahan ng mga Marxista-Leninista-Maoistang Partido, at lalo na ang mga Digmaang Bayan na kanilang pinamumunuan, ay dapat na maunawaan, gayundin ang kahalagahan ng kanilang pagsuporta at propaganda. Tulad ng aming binigyang-diin sa Pahayag ng mga Prinsipyo at Batayan: “Pinagtitibay namin na ang tunay na pambansang sariling pagpapasya ay makakamit lamang sa pamamagitan ng rebolusyon ng bagong demokrasya o rebolusyong sosyalista, depende sa kaso, na kinakailangan ang pagtatatag o muling pagtatatag ng mga Partido Komunistang bagong tipo, mga Marxista-Leninista-Maoistang Partido na may kakayahang pamunuan ang rebolusyon hanggang sa pagtatapos nito.” Ang mga Digmaang Bayan sa India, Peru, Turkey, at Pilipinas ay hindi lamang nananatili at umuunlad sa gitna ng masalimuot na kalagayan ng pagkakapalibot at kontra-rebolusyonaryong opensiba. Kasabay nito, sila ang sentro ng Pandaigdigang Proletaryong Rebolusyon, mula sa kung saan hindi lamang ang mga estratehikong konsiderasyon ng Pandaigdigang Proletaryong Rebolusyon ang maihahalaw, ngunit nagiging halimbawa rin sila ng superyoridad at nilalaman ng katotohanan ng pandaigdigang pananaw ng proletaryado. Ang mahalagang pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa Brazil, ang pinakamataong bansa sa Timog Amerika, ay dapat tingnan bilang isang makabuluhang bagong ambag. Ang mga protesta ng masa at pag-aalsa ng mga mamamayan, pangunahin ng mahihirap at walang lupang magsasaka, ay nagsasanib sa pamumuno ng isang Marxista-Leninista-Maoistang Partido at nagkakaroon ng anyo ng agraryong rebolusyon bilang bahagi ng bagong demokratikong rebolusyon.

Ang pag-unlad na ito ay hindi lamang nagpapalakas ng ating nag-aalab na optimismo bilang proletaryado, kundi kinukumpirma rin sa kahanga-hangang paraan ang batayang mga batas ng Marxismo: na kung saan ang rebolusyonaryong teorya ay nagsasama sa masa, ito ay nagiging materyal na pwersa. Sa kasalukuyang kalagayan ng pabagu-bagong pag-unlad ng pandaigdigang kalagayan, nais naming bigyang-diin ang kahalagahan ng konsolidasyon at pag-unlad ng mga subhetibong pwersa bilang mga proletaryong organisasyon at Partido. Tulad ng binigyang-diin ni Lenin:

“Hindi lahat ng rebolusyonaryong kalagayan ay nagbibigay-daan sa rebolusyon; ang rebolusyon ay nagmumula lamang mula sa kalagayan kung saan ang mga obhetibong pagbabago ay sinasabayan ng isang subhetibong pagbabago, lalo na, ang kakayahan ng rebolusyonaryong uri na magsagawa ng rebolusyonaryong pagkilos ng masa (...).”

Sa gitna ng pandaigdigang kalagayan na punong-puno ng malalaking pagbabago at pag-aalsa, nais nating ipagdiwang ang ika-131 na kaarawan ni Tagapangulong Mao Tse-tung at gunitain ito sa pamamagitan ng masiglang pagpapaunlad ng kampanya para sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang bago, ikatlo, at mas mataas na yugto ng proletaryong ideolohiya. Dapat nating maunawaan ang kampanya para sa Maoismo bilang bahagi ng pakikibaka para sa muling pagkakaisa ng pandaigdigang kilusang komunista, na sa kasalukuyang sandali ay partikular na ipinapahayag sa tatlong pundamental na mga punto ng pagkakaisa: “1) Maoismo, 2) Ang pakikibaka laban sa rebisyunismo, at 3) Ang Pandaigdigang Proletaryong Rebolusyon.” Ang Deklarasyon ng Prinsipyong Pampulitika ay naglarawan sa pundasyon ng PKL bilang isang “hakbang upang muling pag-isahin tayo at upang

mapagtagumpayan ang pagkakawatak-watak sa Pandaigdigang Kilusang Komunista (...), at isang bagong yugto ng organisadong pakikibaka para sa muling pagtatatag ng Pandaigdigang Internasyunal ng Komunista sa ilalim ng gabay ng Maoismo ang binuksan.”

Dalawang taon na ang nakalilipas, at napagpasiyahan sa Pinagkaisang Pandaigdigang Maoistang Kumperensya ang pagtatatag ng isang bagong pandaigdigang organisasyon ng proletaryado. Ang kaganapang ito ay nagmarka ng mahalagang punto ng pagbabago sa pakikibaka para sa muling pagkakaisa ng mga komunista sa pandaigdigang antas. Pinahintulutan nito ang sistematikong koordinasyon ng 15 kasaping Partido at organisasyon, batay sa proletaryong prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Pinagtibay rin nito ang pakikibaka laban sa ideolohikal, pampulitika, at organisasyonal na pagkakawatak-watak ng pandaigdigang kilusang komunista bilang mahalagang batayan para sa pag-unlad ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon, tulad ng itinuro sa atin ng mga dakilang titano at klasiko ng proletaryado. Sa nakalipas na dalawang taon, nakita ang mahahalagang unang hakbang tungo sa pagtupad ng gawaing ito, partikular sa mga usapin ng pagkonsolida, na kailangang maging pundasyon para sa karagdagang pag-unlad.

Ang Pandaigdigang Komunistang Liga (IPKL) ay isang instrumento para sa muling pagkakaisa at muling pagtatatag ng Pandaigdigang Internasyunal ng Komunista upang labanan ang imperyalismo, rebisyunismo, at lahat ng reaksyon. Kinakailangan ang pagtanggap sa mga gawain at posibilidad sa kasalukuyang sitwasyon at ang pagpapaunlad sa pamamagitan ng tunggalian ng dalawang linya na sadyang inilalapat at hayagang isinusulong, upang humubog at paunlarin ang ating mga pwersa at kakayahan sa gitna ng makauring pakikibaka at tunggalian ng linya. Malugod naming tinatanggap at binabati ang lahat ng ambag, koordinasyon, at mga sama-samang aktibidad ng mga Partido Komunista at organisasyon sa loob at labas ng PKL, na nagpapatunay ng lumalaking sigla at aktibidad ng mga komunista sa pandaigdigang antas.

Ang ating pangunahing gawain ay paunlarin ang lumalaking protesta ng masa, mobilisahin, politisahin, at organisahin ang malawak at malalim na masa sa pakikibaka laban sa imperyalismo at lahat ng reaksyon, habang di-maihihiwalay ang pakikibaka laban sa rebisyunismo at lahat ng oportunismo. Kailangang hubugin ang makauring pakikibaka ng mga tunay na Marxista-Leninista-Maoistang Partido Komunista upang isagawa ang rebolusyon. Si Tagapangulong Mao mismo ay nagbigay ng malaking pagpapahalaga sa pakikibaka laban sa rebisyunismo—pangunahing modernong rebisyunismo—at sa gayon ay pinalakas ang Pandaigdigang Kilusang Komunista. Sa kasalukuyan, matapos ang isang buong panahon ng relatibong dominasyon ng rebisyunismo sa maraming bansa, tinataya namin ito bilang isang mahalagang tungkulin ng mga komunista, lalo na ng pandaigdigang organisasyong komunista, ang PKL, na pamunuan at isulong ang pakikibaka laban sa rebisyunismo.

Sa aming deklarasyon ng pundasyon, binigyang-diin namin:

“Itinuro sa atin ni Tagapangulong Mao: ipinapakita ng kasaysayan ng Pandaigdigang Kilusang Komunista na ang pagkakaisa ng proletaryado ay pinagtibay at nililina sa pakikibaka laban sa oportunismo, rebisyunismo, at pagkakawatak-watak.” Ang mga komunista ay kailangang mauna sa hanay ng mga labanan at buong tapang na sumabak sa mga tunggalian. Ang

proletaryado ay may maningning na kinabukasan. Ang imperyalismo ay kadiliman, gutom, kahirapan, masaker, pagsasamantala, at pang-aapi. Ang ating tungkulin bilang mga Partido Komunista ay talunin ito at burahin ang reaksyon mula sa mundo sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka.

**IPAGDIWANG ANG IKA-131 NA ANIBERSARYO NG KAPANGANAKAN NI  
TAGAPANGULONG MAO TSE-TUNG SA PAGPAPALAKAS NG PAKIKIBAKA PARA SA  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO!**

**MABUHAY ANG PAKIKIBAKA PARA SA MULING PAGKAKAISA NG PANDAIGDIGANG  
KILUSANG KOMUNISTA - MABUHAY ANG PANDAIGDIGANG KOMUNISTANG LIGA!**

**MABUHAY ANG BAYANIHANG MAKABAYANG PAKIKIBAKA NG PALESTINA AT ANG  
PAKIKIBAKA PARA SA PAMBANSANG PAGLAYA NG MGA INAAPING BANSA!**

**MABUHAY ANG PANDAIGDIGANG KILUSANG KOMUNISTA AT ANG MGA DIGMAANG  
BAYAN NA PINAMUMUNUAN NG MGA MARXISTA-LENINISTA-MAOISTANG PARTIDO!**

**IBAGSAK ANG REBISYUNISMO!**

**MABUHAY ANG PANDAIGDIGANG PROLETARYONG REBOLUSYON!**

Pandaigdigang Komunistang Liga  
Disyembre 2024